Dumating ang isang lalaki,Habang ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ay nagsesermon sa mga tao sa araw ng Jumu`ah.Nagsabi siya: Nakapagdasal ka ba o pulano? Nagsabi siya: Hindi,Nagsabi siya:Tumayo ka at magsagawa ng dalawang pagyuko

Ayon kay Jābir bin `Abdullāh, malugod si Allah sa kanilang dalawa-siya ay nagsabi: (( Dumating ang isang lalaki,Habang ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ay nagsesermon sa mga tao sa araw ng Jumu`ah.Nagsabi siya: Nakapagdasal ka ba o pulano? Nagsabi siya: Hindi,Nagsabi siya:Tumayo ka at magsagawa ng dalawang pagyuko.At sa ibang pananalita:Magdasal ka ng dalawang tindig-))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Pumasok si Sulayk Al-Ghatafānīy-sa Masjid ng Propeta,at ang Propeta- pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsesermon sa mga tao, umupo siya up ang makinig sa Sermon,at hindi siya nagdasal ng Tahiyyatul Masjid [Dalawang tindig], marahil ay dahil sa kamang-mangan niya sa panuntunan nito o marahil ay inakala niya na ang pakikinig ng Sermon at higit na mahalaga,Hindi nakapagpigil sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang pag-aalaala niya at pagiging abala niya sa pagbibigay ng sermon ,para pagtuturo sa kanya,Datapuwat ay kinausap niya ito sa pagsasabing:Nakapag-alay kaba ng dasal o pulano sa dulo ng Masjid bago kita makita?Nagsabi siya: Hindi,Nagsabi siya: Tumayo ka at magsagawa ka ng dalawang pagyuko,At sa salaysay ni Imām Muslim: Ipinag-utos niya na padaliin ang dalawang ito , ibig sabihin ay pagaanin silang dalawa,Nagsabi siya nito sa isang dakilang pagtitipon,upang maturuan niya ang isang lalaki sa oras ng pangangailangan,at gayundin ay upang ang pagtuturo ay maging para sa pangkalahatan,kasaligi ang mga nakadalo.At sinuman ang pumasok sa Masjid at ang Nagsesermon ay nagbibigay sermon, ang ipinag-uutos sa kanya ay mag-alay ng dasal.At nagpapatunay sa kanya ang Hadith na ito,At sa isang Hadith:" Kapag dumating ang isa sa inyo sa Araw ng Jumu'ah at ang Imām ay nagbibigay ng sermon,Magdasal siya ng dalawang tindig". Kung-kaya't sinabi ni Imām Annawawī sa pagpapaliwanag sa Hadith ni Imam Muslim,sa Pagsabi niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-" Kapag dumating ang isa sa inyo at ang Imām ay nagbibigay ng sermon, magdasal siya ng dalawang tindig, at pagaanin ang dalawang ito" Nagsabi siya:Ito ay isang salita na hindi nangangailangan ng pagbibigay kahulugan,At hindi inaakala na ang isang May kaalaman, kapag nakarating sa kanya ang pananalitang ito at pinaniwalaan niyang tumpak, Pagkatapos ay susuwain niya

